

MGA KARAGDAGANG MGA HAKBANG NA PAGPAPAHIWALAY AT PAG-IWAS SA KONGGREGASYON NG MGA DAYUHANG KASAMBAHAY

Minamahal naming mga Amo,

Noong ika-21 ng Marso 2020, Ang Kagawaran ng Manggagawa (MOM), Centre for Domestic Employees (CDE) and Foreign Domestic Worker Association for Social Support and Training (FAST) ay nag-isyu ng pinagsamang pagpapayo sa mga dayuhang kasambahay at sa mga amo ng mga rekomendadong hakbang ukol sa ligtas na pagdistansya.

2. Noong ika-24 ng Marso 2020, ang Multi-Ministry Taskforce ay nag-anunsyo ng mas mahigpit na mga hakbang sa antas pangbansa upang mapaunti ang mas higit na pagkalat ng COVID-19.
3. At sapagkat ang mga FDW ay nakatira sa loob ng ating mga tahanan at gumagampan ng kritikal na tungkulin sap ag-aalaga ng mga bata at mga matatanda, ang MOM ay magsasagawa pa ng dagdag na mga hakbang upang mabigyang proteksyon ang mga pamilya.

Pagpapayo ukol sa mga araw ng pahinga ng mga FDW

4. Dahil sa pagtunghay sa mas striktong mga hakbang ukol sa ligtas na pagdistansya sa antas pangbansa, ang mga FDW ay matinding pinapayuhan na gamitin ang kanilang araw ng pahinga sa bahay sa loob ng panahong ito. Ang mga FDW na may importanteng lakad na pupuntahan ay pinayuhang paiksiin ang oras na ilalagi sa labas at bumalik kaagad sa bahay kapag tapos na ang inaasikasong bagay. Ang mga FDW ay dapat ring magpatuloy gumawa ng mabuting personal na kalinisan at pauntiin ang pisikal na pagdikit sa tao sa pamamagitan ng hindi pakikipagkamay o pagsasama sa pagkain, at panatilihin ang ligtas na distansya mula sa isa't isa.
5. Kapag ang mga FDW ay nagkikita sa loob na espasyo, kailangan nilang gawin ang mga pinakakahuling patakaran na limitadong dami ng tao sa pagtitipon. Dapat silang umiwas sa mga pagtitipon sa mga pampublikong lugar, o bumisita sa mga lugar gaya ng Lucky Plaza, City Plaza at Peninsula Plaza.
6. At dahil ang pagtitipon sa labas ay may potensyal na magkaroon ng napakaraming bilang, ang MOM ay magsasagawa ng aksyon na pagpapahiwalay sa kanila bilang dagdag hakbang ng kaligtasan. Ang MOM ay paiigtingin ang mga inspeksyon sa mga lugar. Ang mga FDW na tatanggap makipagkooperasyon ay babawian ng mga work pass.
7. Ang mga amo ay pinaaalalahanan na sabihin sa inyong mga FDW ang tungkol sa nasa itaas na pagpapayo. Ang mga amo ay alam dapat kung saan ang lugar na pupuntahan ng kanilang mga FDW sa kanilang araw ng pahinga at pauwiin sila agad pagkatapos ng kanilang mga inaasikasong bagay.

Ang mga pagsasaayos ng Araw ng Pahinga

8. Ang mga amo ay pinaaalalahanan na unawain ang mga sumusunod:
 - Kung ang mga FDW ay pumayag na gugulin ang araw ng kanilang pahinga sa bahay, ang amo hindi dapat magbigay ng trabahong gagawin sa araw ng pahinga.
 - Kung ang mga amo at ang mga FDW ay nagkaroon ng kapwa kasunduan na hindi pagkuha ng araw ng kanilang pahinga, ang mga amo ay dapat silang bayaran ng kompensasyon kapalit ng araw ng pahinga.
9. Ang kolektibong responsibilidad sa lipunan ay kritikal sa pagpapabagal ng transmisyon ng COVID-
10. Nakikiusap kami sa mga amo at mga FDW na makiisa sa amin upang malabanan ang COVID-19.